Ebanghelyo ayon kay Mateo 8 : 16 - 17

Isang gabi dinala kay Hesus ang napakaraming tao na may karamdaman. Pinagaling Niya silang lahat. Ito'y katuparan ng sinabi ni Propeta Isaias bago pa man isilang si Hesus: "Kinuha Niya ang ating karamdaman."

Disyembre 4, 2011 : Sa oras ng pananalagin sa HK Prison, isa sa grupo ng may 30 babaeng bilanggo ang humiling ng panalangin para sa isang kapwa-bilanggo na hindi makadalo. Siya ay may pananakit ng likod at hindi makatayo't makalakad. Ang grupo ay nagsimulang manalangin para sa bilanggong ito at nakakuha sila ng kopya ng "Doctor Jesus" para sa kanya.
Sumunod na mga araw, matapos matanggap ang aklat at manalangin kay Hesus, siya'y gumaling. Nakakatayo at nakakalakad na siya.

Hesus,
samo ko'y alisin mo ang aking karamdaman.
Samo ko'y alisin mo ang sakit ng aking likod.
Samo ko'y alisin mo ang aking kanser.